

*Isang espesyal na edisyon ng*

# RISIRIS: Kapya a Magapo iti Gubat

# *tungkol sa pahayagan*

Ang salitang ‘Risiris’ ay nagmula sa wikang Ilocano na nangangahulang “kontradiksyon.” Ang espesyal na edisyon na ito ng Risiris ay pinamagatang “Kapya a Magapo iti Gubat” o “Peace Through War” sa Ingles. Nananatiling lapat ang pangalan ng pahayagang ito sa umiiral na kondisyon ng mga kabataan.

Ngayong ika-58 na anibersayo ng Kabataang Makabayan, habang ating patuloy na isinusulong ang isang lipunang malaya, isang lipunang sosyalista, umiigting ang hamon para sa lahat ng mga rebolusyonaryong mga kabataan na lumahok sa digmang bayan. Kinahaharap ng bawat isa sa ating ang pinakamataas na kontradiksyon- ang pagpapasiya sa simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka, ang pagganap sa produksyon at pagsilbi sa masa sa pamamagitan ng paglahok sa demokratikong rebolusyong bayan.

- Kidawa Dayawen
*Tagapagsalita ng*
*Kabataang Makabayan - DATAKO*

# Dahil Kami ang Hukbo ng Mamamayan

Ka Emil (March 29, 2021), Mountain Province
Salin ni Sibat Mannakigubat mula
sa orihinal na ‘For We are the People’s Army’

Kaya naming hubugin ang mga mapanlinlang na bulubundukin
tungo sa mapagkakatiwalaang mga burol
Mga nakamamatay na bangin sa ligtas na daraanan
Madilim, nakanginginig na mga ilog sa nakagiginhawang mga batis
Dahil kami ang hukbo ng mamamayan

Kaya naming paamuhin ang mga mababangis na higante
tungong mga inutil na tigreng papel
Ang kaunti’t mahihinang mga kulisap
tungo sa milyun-milyong mga bubuyog
Mga nakakahong isipan sa mapagpalayang mga kamao
Dahil kami ang hukbo ng mamamayan

Kaya naming baguhin ang mga alipin
bilang mga panginoon ng kanilang mga sariling kalupaan
Malawakang pagkagutom sa pagpapakain ng mga kawan
Lupaing puno ng paghihirap tungo sa isang bansa
na ang mga ani ay masagana
Dahil kami ang hukbo ng mamamayan

Kasama ang masa, kami’y hindi magagapi
Dahil sila ang dahilan ng aming pagkatao
Kasama ang masa, nagagawa namin ang akalang imposible
Dahil kami ang hukbo ng mamamayan



# Kung sakaling magpaalam

ni Ka Alwad mula Balangay Ricky

Kung itakda man ng panahon
Na magkaroon ng panandaliang tigil
Sa pagragasa’t pag-alon
Ng risiris ng mga pwersa
Ng tirano at nag-aalsang masa

Halihawin natin ang Baguio
Akyatin natin ang Lourdes Grotto
Hanapin ang kasaysayan sa bawat hakbang
O kung mawala ay sa kung saanmang kalsada
Hanggang lumusot sa Legarda

Tumuloy hanggang sa Lake Drive
Sumulat ng tula sa ilalim ng lila
Mga bulaklak na tumubo sa tabi ng bangko
At hintaying kumislap ang lawa

At kung ikaw ma’y tawagin pabalik
Sa iyong pinanggalingan
Kung sagad-sagaring hindi ka nila maintindihan

Kung itakda man ng panahon
Na magkaroon ng panandaliang tigil
Sa pagragasa't pag-alon
Ng risiris ng mga pwersa
Ng tirano at nag-aalsang masa

Magkita tayo sa bulwagang Palma
Bulwagang saksi ng dekadang pakikibaka
Ikwento mo sa akin ang kasay-sayan ng makauring pakiki-hamok
Sa UP at iba pang kanugnog na pook

Ipahayag ang mga pangarap ng mga bata
Ng Krus na Ligas, pati ang magiting na pakikibaka ng mga maralita
Ng Village A, B, at C laban sa demolisyo’t panggigiba

At sisikapin kong lumubog sa aming mga komunidad
Ng manininda, tambay, mang-gagawa’t api ng syudad
Sa Asin, San Luis, Irisan
Sa aming mga iskwater sa sariling bayan

Patungo sa Itogon hanggang Mankayan
Sa Bulalacao sumama sa barikadang bayan
Makiisa sa laban ng minero
para sa sahod, trabaho, at karapatan



Magbalik-ili sa Kalinga at
Montanyosa
Iintindihin, uugatin, ang
daantaong pang-aalipusta
Sa mga katulad naming
pambansang minorya
At lumahok sa mapagpalayang
pakikidigma

Saan ka man mapalagay ng
panahon
Hindi man magkaroon ng
panandaliang tigil
Sa pagragasa't pag-alon
Ng risiris ng mga pwersa
Ng tirano at nag-aalsang masa

Aralin natin ang salidummay ng
ating dangadang
Lagyan natin ng direksyon ang
ating mga hakbang
Mula sa paaralan at lansangan
Patungo sa mga sakahan sa
kaaw-awayan

Langkapan mo ng iyong
malamig na tono ang malamig
na panahon
Isanib ang abanteng pamumuno
ng proletaryado
Sa pangunahing lakas ng
mannalon



# Kilala ko ang yaba


*Sanaysay ni Ka Dilag*

Mula sa mga kaluskos na nililikha ng pagtapak ng mga paa sa mga dahon sa kagubatan hanggang sa paghakbang sa maingay na lansangan. Iisa ang tiyak na patutunguhan ng rebolusyon.

Kung kikilalanin natin ang yabag ng pakikibaka, sila ang mga bumabaybay sa lawak ng masukal na gubat habang nananatiling kalkulado ang mga hakbangin. Alam ng mandirigma na sa bawat pagsulong ay may mga panahon ng pagbagal at mga panahong singbilis ng hangin. Kung kikilalanin ang mga bakas ng paglalakbay ng isang mandirigma, sila itong mga nagmamarka ang mga hakbang sa bawat lupaing tinatamnan ng rebolusyonaryong hangarin.

Gayundin sa mga paalon-alon na martsa, ang yabag ng pakikibaka ay isang sabayang paghakbang upang labanan ang bultong barikada. Niyayanig ang kampo ng kaaway sa bawat pagsulong. Ginigimbal ang mga trono mula paalon-alon na martsa ng malawak na hanay ng masa. Sumusugat sa bawat tigreng papel na umaalingawngaw sa lansangan.

Ang yabag din ng pakikibaka ay ang paghakbang sa labas ng mga empresa, pagbawi sa lupaing sinasaka, ang mismong pagharap sa daang taong pananamantala! Niyayanig natin ang ugat ng pang-aapi sa bawat paghakbang ng mga mandirigma tungo sa mga kaluskos ng kagubatan, sa pag-igpaw sa pagsubok ng kabundukan, sa pagtangan ng pinakamabigat na paglaban.




Kung kaya't sa lahat ng landas ng rebolusyon, ang paghakbang ay isang dagundong. Ang pagsulong ay isang

# ag ng pakikidigma

*mula Balangay Elvira*

pagpupunyagi. Ang bawat martsa ay isang pagwasak. Hindi mapayapa ang yabag ng pakikidigma.

May digmaan sa bawat paghakbang, may kontradiksyon sa bawat padyak. Ngunit tiyak ang landas ng rebolusyon, tiyak ang tagumpay sa sama-samang pagsulong!



# *Nang magpakita ang mga bituin ngayong gabi*

*Sa aking likod,*
*Habang pinakikinggan ang iyong mga yapak*
*Na sumusunod*
*Napatigil at tumunghay akong nakatapat*
*Sa dating laod*
*Para kilatisin ang nasa langit ay nakatarak.*
*Mga bituing nakatanghod!*
*Napako akong nakatayo na parang sinapak,*
*Parang nasa puntod*
*Nang bigla mo akong pinuswitan para maglakad*
*Pero ako'y nalunod*
*Sa ganda ng mga bituin na ngayon lang nalatak*
*Matapos malunod*
*Nang matagal sa dilim ng ulap at pumatak*
*Ang ulan at daang putok*
*Mula sa punglo nang kalabang parak.*
*Humahagod*
*Sa mata at sa lalamunan ang palasak*
*Na lungkot.*

*Ikaw ay humalakhak*
*Na para akong baliw sa pagkawala ko sa laot*
*Ng aking isipang tumatataktak*
*At ngayon, kahit sa gitna ng paglalakad, ako'y nabalot*
*Sa ganda ng mga bituing kumukutitap*
*At nawala na sa akin ang takot.*

# Dalangin

ni Ka Batis mula Balangay Elvira

Kailan kaya kita mayayakap muli
Walang araw na lumipas na ika'y 'di naisip
Siguro mabilis ka na ngayo'y magbilang at magbasa
At sa mga panahong iyon hindi ako nakasubaybay bilang ina


Piniling mag-alay ng lakas at panahon sa digmaan
Di naman ibig sabihin na ika'y akin nang kinalimutan
Di ko ginustong mawalay sa'yo anak ko
Malayang bukas ang hangad lamang sa'yo

Duwag na estado't pati buhay ay ninanakaw pa
Kaaway na ituring sinuman ang mangahas na kumawala
Mula sa tanikalang manggagawa'y nakagapos
Mula sa pananamantala't kagutuman magsasaka'y naghihikahos

Tulad mo, may katanungan ding namutawi
Sa pinagpagurang itinanim bakit iba ang nanginginabang sa ani
Ngunit hindi lahat ng kalulwahatiang tinatamasa sa langit
ay hinuhugot
Sagot ay mababatid sa makatwirang paggiit, minsan man
sa lupa'y malugmok

Nagmamahal sa bayan nang tunay sa pakikibaka tanging tunguhin
Buhay man ang iaalay, takot man kailangang harapin
Mahigpit na pagsanding sa masang anakpawis ay walang kabiguan
Maiwawagi anumang isulong na laban

Kailan kaya kita mayayakap muli
Walang araw na lumipas na ika'y 'di naisip
Kaya hangga't ako ay humihinga
Sisikaping abutin ang bukas na hindi mo na kailangan
pang matakot at mag-alala


KAMPO
KOY

Ang buwan ng Nobyembre ay nag-uumpisa sa pag-alala
sa mga pumanaw na, sa mga buhay na alay sa digma,
At lagi itong magtatapos sa pagkasilang ng isang
kilusang pula.
Habang-buhay maririnig ang alingawngaw ng mga
multo na dating buhay at pilit pinatahimik,
Ramdam padin sa lansangan ang galit sa abuso at
pagkagutom sa kalayaan.
Hindi na nila kailangan pang sumalangit,
Dahil sa lupang ibabaw palang ay mayroon nang mga
panginoong naninirahan.
Panginoon.
Panginoong may lupa na yaman lamang ang sinasanto,
At ang dasal ay hindi Ama Namin kundi "nawa'y ang
lahat ay mapasaamin"
Maya't mayang nag-aabang ng pag-ulan,
Hindi ng tubig, kundi ng tirgas.
Magpapakain sa agahan, pananghalian, at hapunan ng
bala imbis na bigas.
Kung iisipin ay halos wala naming pinagkaiba ang
sinasabing impyerno mula sa lipunan.
Maalinsangan,
Kaliwa't kanang iyakan,
Punong-puno ng pananamantala't paglapastangan.
Ang mga kwentong ito ay hindi lamang simpleng bulong
ng kahapon, o pawang kwentong katatakutan.
Ito ay ang istorya ng ating bayan.
Ang paglimot nito ay ang pagparaya sa pang-aapi.

*Sulat ni Ka Shed mula Balangay ng Libre*

## *Sa Piling ng Bagong Hukbong Bayan*

ni Ka Soyosoy Ilay ng Balangay Sibat

Hindi hiwalay ang kasaysayan ng pakikibaka
sa kasalukuyang mukha ng militansya --
gumigitgit, dumudugo, lumalaban,
at sumasampa sa digmang bayan.

Ultimong layunin na ibagsak
ang tatlong salot na siyang nagbabaon
sa hukay ng kahirapan at kamatayan

Magsasaka't manggagawa
Kabataan at pambansang minorya
Tumugon sa hamon at panawagan
Isapraktika ang teoryang
Marxismo-Leninismo-Maoismo

Hablutin ang puwersang estado
lansagin ang pasista't
diktadura
itaas ang bandilang pula,
at sumapi sa pinakamataas
na uri ng pakikibaka



# *Saniweng ti KM - DATAKO*

Buhay, kabuhayan at lupa
Inagaw ng mapagsamantala
Ituon ang say-ang sa kanila
Sa tanikala ay kumawala

Husay ay ating pandayin
Isip ay ating paunlarin
Diwang makabayan ay paig-
tingin
Dugong palaban, pag-alabin

KORO:
Kabataang Makabayan
- DATAKO
Pag-ibayuhin ang laban mo
Kasama ang masa ay isulong
Demokratikong rebolusyon

Ang dagundong ng himag-
sikan
Ay aweng ng libong gangsa
Ang kalasag ng pagkakaisa
Gamitin sa pakikidigma

Agtutubo ti Kordilyera
Agmulat, ag-organisa
Agay-ayab ti kaaw-awayan
Sumampa ti Hukbong
Bayan

KORO:
Kabataang Makabayan
-DATAKO
Pag-ibayuhin ang laban mo
Kasama ang masa ay isulong
Demokratikong rebolusyon

(Ulitin ang Koro)

Kasama ang masa ay isulong
Ipagwagi ang rebolusyon



*Ang Risiris ay ang opisyal na pahayagan ng Kabataang Makabayan - Demokratiko a Tignayan dagiti Agtutubo iti Kordilyera (DATAKO)*